**Pamagat**: Paano Inililigtas ng Dios ang Mga Nagsisisi.

**Texto**: Psalm 34:18 "The LORD is nigh unto them that are of a broken heart; and saveth such as be of a contrite spirit."

*Pagsasalin*: Ang PANGINOON ay malapit sa kanila na may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising diwa. (Awit 34:18)

**Panimula**:

1. Itong awit ay binuo ni David noong inisip niya ang mga pangyayari nang tumakas siya kay Abimelech. Nag-panggap siya na parang baliw at dulot nito siya ay nakatakas.
2. Siya ay punong-puno ng Pasasalamat at pagpupuri sa Dios dahil sa grasya at tulong ng Dios sa kanyang buhay, at itong awit ay puspos ng ganitong damdamin.
3. Bibigyan natin pansin ang mga bagay na ito at ihahalintulad natin ito sa kaligtasan na galing sa Dios para sa ating kaluluwa.

A. **Ang ugali ng ligtas o ng may kaligtasan: Pagpupuri sa Panginoon**. (v.1)
"Aking pupurihin ang PANGINOON sa buong panahon: ang pagpuri sa kaniya ay laging sasa aking bibig."

B. **Ang ugali ng ligtas o ng mga kaligtasan: Pinagmamalaki niya ang PANGINOON**. (v.2-3)
"Ang aking kaluluwa ay maghahambog sa Panginoon: maririnig ng maamo at masasayahan."

C. **Ang ugali ng ligtas o ng may kaligtasan: Tumtawag sila sa Panginoon, at Siya ay sumasagot**
(v.4) "Aking hinanap ang PANGINOON, at sinagot niya ako, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga katakutan."

D. **Ang ugali ng ligtas o ng may kaligtasan: Tumitingin sila sa Panginoon**. (v.5)
"Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi mapapahiya kalian man."

E. **Ang payo ni David para sa lahat**: (v.8)
"Oh inyong tikman at tingnan ninyo na ang PANGINOON ay mabuti: mapalad ang tao na nagtitiwala sa Kanya."

F. **Ang pangako ng Awit**: (v.18)
"Ang Panginoon ay malapit sa kanila na may wasak na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising (o bagbag) na espiritu (o diwa)." (see also v.6)

G. **Ang kaligtasan na dala ng PANGINOON**. (v.22)
"Tinutubos ng PANGINOON ang buhay ng mga lingkod niya; walang hahatulan sa sinumang nanganganlong sa kanya."

**Katapusan**:

1. Kaibigan, maari mo bang sabihin na mayroon kang ganitong awit sa puso mo?
2. Kumusta ang kalagayan ng kaluluwa mo?
3. Kung hindi ka pa tunay na ligtas, maaring magsisi at magpakumbaba. Maaring tikman at tingnan ang PANGINOON, sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesus.
4. Tulungan tayo nawa ng Banal na Espirtu na maranasan natin ang giliw ng ganitong awit, hindi lamang sa sandaling ito, pero gaya ng nasusulat sa verse 1 – sa buong panahon – ngayon at magpakailanman.